Ulat sa Pambansang Kalagayan

Ipinagtibay ng Pambansang Konseho ng Bayan Muna
Hulyo 18-19, 2008

Ang tumitinding krisis sa ekonomya na kasalukuyang humahagupit sa sambayanan laluna sa masang anakpawis ay nagdudulot ng higit pang diskuntento sa mamamayang suyang-suya na sa pandarambong, korapsyon at terorismo ng rehimeng Arroyo. Ito'y nagdudulot ng ibayong paghiwalay ng rehimen at muling nagbabadya ang posibilidad ng pagpapatalsik kay Arroyo bago ang 2010.

Tampok na katangian ng pambansang kalagayan ang mga sumusunod: **1)** Lumulubha ang kahirapan at krisis pang-ekonomya; **2)** Hinog ang sitwasyon para sa kagyat na pagpapatalsik kay Gng. Arroyo; **3)** Nagpapatuloy ang pampulitikang panunupil at patakarang todo-gera ng rehimeng US-Arroyo; at **4)** Hinahamon ang mamamayan na magpunyagi para sa kagyat na pagpapatalsik kay Arroyo at sa pagbubunsod ng mga makabansa at demokratikong pagbabago.

1.Lumulubha ang kahirapan at krisis pang-ekonomya

Lumulubha ang krisis at kahirapan dahil sa pundamental na kahinaan ng ekonomya at ng pananalanta ng imperyalistang globalisasyon. Ang nararanasan nating krisis sa bigas at pagsirit ng presyo ng langis, kuryente, tubig at pagkain ay nagpapatindi sa kahirapan at ligalig ng mamamayan.

1.1. Di maitago ng magagandang istatistika ang lumalalang kalagayan sa ekonomiya.

Ang ilusyon ng kaunlarang dulot ng umano'y mahigit 7% paglago ng Gross Domestic Product (GDP) at Gross National Product (GNP) noong 2007 at 18% paglakas ng piso sa dolyar ay mabilis na gumuho sa unang kwarto pa lang ng 2008 nang maramdaman ng taumbayan ang pagsirit ng presyo ng langis at iba pang bilihin. Sinundan ito ng krisis sa suplay ng bigas at paglubha ng kahirapan at kawalan ng trabaho sa buong bansa.

Artipisyal at mababaw ang pinagyayabang na paglago ng ekonomiya noong 2007. Sa katunaya'y walang pag-unlad ang dalawang pangunahing haligi ng ekonomya – ang agrikultura at industriya. Ang bahagi ng agrikultura sa GDP (18.4% noong 2007) ay pinakamaliit sa buong kasaysayan habang ang sa pagmamanupaktura (23% noong 2007) ay pinakamababa mula 1956.

Batid ng madla na kung hindi dahil sa paglaki ng overseas remittances (US$14.4B), *election-related spending*, pagbebenta ng *government shares* sa PLDT, San Miguel, PNOC-EDC at iba pang *public assets* (P91B), at malakihang pangungutang at pagpasok ng mga *speculative portfolio investments* (US$3.7B), hindi magkakaroon ng nominal na paglago ng GNP at GDP. Malinaw din na ang pagtaas ng halaga ng piso ay dulot ng US economic slowdown at walang kinalaman sa magandang performance umano ng lokal na ekonomiya.

Sa kabila ng pre-payment" ng mga utang na isinagawa ng gobyerno sa panahong humina ang dolyar, lumalaki ang utang ng bansa dahil sa tuluy-tuloy na pangungutang ng rehimeng Arroyo na tinatayang umabot sa P2.83 trilyon mula 2001-2007. Ang opisyal na *foreign debt stock* ay US$53.4 billion noong 2006 subalit sa katotohanan, US$60.2 billion ito kung isasama ang *private sector loans*.

Ang pagkabansot ng agrikultura at industriya ang pangunahing dahilan ng kawalan ng trabaho. Ang 11.3% *average annual unemployment rate* mula 2001-2007 ay pinakamalalang 7-taong yugto sa kasaysayan. Umabot sa 4.1 million ang *unemployed* at 6.8 million ang underemployed noong 2007. Ito'y sa kabila ng pagdudoktor ng datos na nagtanggal ng 1.4M sa bilang ng *labor force* sa dahilang nagsawa na sila sa kahahanap ng trabaho at sa pagkakategorya bilang "employed" ang mga nakapagtrabaho ng kahit isang oras sa isang linggo.

Patuloy na bumabagsak ang *real income* ng mamamayan. Mula 2000 hanggang 2006, nagkaroon ng 18.6% nominal na paglago ang kita samantalang tumaas naman ang presyo ng 37.6%. Ibig sabihin bumagsak ang tunay na halaga ng kita/sweldo nang 19%. Bumagsak nang P1,300 hanggang P21,400 ang kinikita nang pinakamahirap na 60% ng populasyon.

Higit 80% ng mga pamilya o 72 milyong Pilipino ang naghihirap at pinagkakasya ang kitang P110/araw o mas mababa pa para mabuhay. Samantala ang 20 pinakamayayamang tao sa bansa ay kumamal ng $15.6B o P785B na katumbas ng kita ng pinakamahirap na 10.4M Pilipino.

Malamang ay lumala pa ang sitwasyon sa pangalawang hati ng taon. Nitong Hunyo, naitala ang 11.4% inflation rate, pinakamataas sa loob ng 14 na taon. Ang presyo ng bigas ay umakyat ng 43% at ang presyo ng pagkain ay tumaas sa pangkalahatan ng 17.4%. Ang presyo naman ng langis at produktong petrolyo ay umakyat na ng 22 beses at walang nakikitang pagtigil sa pagtaas nito hanggang katapusan ng taon.

1.2. Ang paglala ng krisis pang-ekonomiya ay pananagutan ng rehimen at sintomas ng maling sistema sa bansa. Hindi pwedeng ibaling ang sisi lamang sa mga panlabas na salik.

Sa paglala ng kalagayang pang-ekonomiya, binabaling ng gobyernong Arroyo ang sisi sa mga panlabas na salik – ang umano'y istorikal na pagtaas ng presyo ng langis na rumurok sa US$145/barrel, ang kasalatan ng suplay ng bigas sa buong mundo, at ang *slowdown* ng US at pandaigdigang ekonomya.

Hindi maikakaila ang mga pangyayaring ito na resulta ng paghihingalo ng pandaigdigang sistema ng monopolyo kapitalismo. Subalit ang latay nito sa Pilipinas ay pinasisidhi ng bangkaroteng sistemang pinapairal ng rehimeng Arroyo – ang sistemang kontrolado ng mga imperyalista, kumprador at panginoong maylupa. Ito'y kinatatangian ng atrasadong industriya at sakahan dahil sa di pantay na kumpitisyon sa mga dayuhang puhunan at produkto, pagkalugi sa kalakalan, pagkabaon sa utang, malaganap na disempleyo at penomenon ng migrasyon ng higit walong milyong Pilipino. At higit sa lahat, ang laganap at lumalalang kahirapan.

Ang walang kapantay na pagsirit ng presyo ng langis sa daigdig at sa bansa ay bunga ng ibayong pagsasamantala ng pandaigdigang kartel sa langis, ng panggigera ng US sa Iraq at banta ng gera sa Iran at ng maling patakaran ng mga estado nang labis na pagsalig sa langis bilang pinagkukunan ng enerhiya.

Hindi na mababata ng mamamayan ang nagaganap na lingguhan at P1.50/litro pagtaas ng presyo ng mga produktong petrolyo na ngayon ay aabot na sa higit P60/litro. Lumalakas ang sigaw ng mamamayan na tanggalin ang 12% VAT sa langis, ibasura ang patakarang deregulasyon, muling isabansa ang Petron at labanan ang pagsasamantala ng kartel ng mga dayuhang kumpanya ng langis sa bansa.

Nararanasan natin ngayon ang krisis (kakapusan) sa bigas at pagkain sa pambansa at pandaigdigang antas. Ang liberalisasyon ng agrikultura at pagsalalay sa *free market* ay nagresulta sa pagbawas ng reserve stocks ng pagkain ng iba't-ibang bansa. Ito ang dahilan ng pagtaas ng presyo sa pandaigdigang merkado. Subalit higit rito, sadyang kulang ang bigas na nililikha sa Pilipinas kung kayat naging numero unong *importer* tayo nito sa buong mundo. Ito ang dahilan kung bakit lubhang apektado ang bansa sa kakapusan ng suplay sa pandaidigang pamilihan.

Ang gubyernong Arroyo ang pangunahing maysala sa krisis sa bigas dahil sa pagpapatupad nito ng imperyalistang dikta ng pagtatanggal ng subsidyo sa mga magsasaka at pagbitiw sa patakarang *self sufficiency* sa bigas at iba pang pagkain. Pinalala ito ng maanomalyang importasyon ng bigas, malawakang *land use conversion* at pagtutulak ng mga *high-value crops*. Sekundaryong salik lamang ang diumano'y *rice hoarding*.

Gayundin ang pananagutan ni Arroyo sa napakataas na singil sa kuryente. Pangunahing dahilan ang pagsunod ng gubyerno sa dikta ng US-IMF/WB na talikuran ang power generation at sa halip ay iprabitisa ito, pagpasok sa mga *onerous contract* sa mga IPPs (may *take or pay provision*), at pagsasapribado ng Napocor at Transco. Nitong 2006 pinatawan pa ng 12% VAT ang *generation, transmission, distribution* at pati *system loss charge*.

May pananagutan din ang Meralco sa pagpasok sa mga *sweetheart deal* sa tatlong IPPs nito (*take or pay*), sa pag-abuso sa system loss at sa iba pang pagsasamantala sa dalawang buwang deposito at deposito sa kuntador. Subalit ang lahat ng ito'y pinayagan din naman ng gobyerno sa pamamagitan ng Energy Regulatory Commission (ERC).

Ang hakbang ni Arroyo sa pamamagitan ng mga maniobra ni GSIS chair Winston Garcia upang patalsikin ang mga Lopez sa Meralco ay di makapagpapababa ng presyo. Ang talagang motibo ni Arroyo ay gantihan at gipitin ang pamilyang Lopez at ipakontrol ang Meralco sa mga kroni niya upang ito'y madambong.

Ipinapapasan ng rehimeng US-Arroyo sa mamamayan ang mga regresibong buwis tulad ng EVAT. Ayaw tanggalin ni Arroyo ang VAT sa langis dahil sa mahigit P18 bilyong *windfall profit* dulot ng pagtaas ng presyo ng langis. Gayundin ang VAT sa kuryente. Tuloy sa pagpapasasa sa dambuhalang tubo ang malalaking dayuhan at lokal na negosyo habang lumalaki ang dinadambong ng matataas na buruktrata laluna ang mga Arroyo.

1.3. Ang mga populistang postura ni Arroyo sa mga isyung pang-ekonomya ay mumo at insultong ibinabato sa naghihirap na mamamayan.

Ang mga populistang postura ni Arroyo sa mga isyung pang-ekonomya ay isang malaking panloloko. Para nitong binatuhan ng mumo at insulto ang mga nagugutom. Narito ang ilan sa mga pinakamatingkad na panggogoyo ni Arroyo:

- P2B one-time subsidy na tig-P500 sa mga *lifeline rate customers* ng Meralco at iba pang *power distributors*
- Tig-P1,500 subsidyo sa abono sa mga magsasaka
- P3B subsidyo sa mga tsuper ng bus, dyip at taxi sa pamamagitan ng *voucher system* na may P2/litro diskwento

- P1B pautang para sa mga tsuper ng dyip para sa pag-convert ng makina mula krudo tungong LPG
- Moratorium kuno sa *tuition fee hike* sa SCUs at panawagan para dito sa mga pribadong paaralan sa kabila ng pagtanggal ng *cap sa tuition* at halos tapos na ang *enrollment*.
- Dagdag na mga pautang at *scholarship* para sa mga estudyante

Ang masama pa rito'y ipinakete ang mga subsidyong ito bilang "Katas ng VAT" at ngayo'y ginagamit bilang katwiran sa hindi pag-alis ng VAT sa presyo ng langis at kuryente.

Bukod sa mga pakanang ito, ipinangalandakan ng gobyerno ang pagpapatibay ng batas sa *tax exemption* sa mga manggagawang tumatanggap ng *minimum wage* at ng *Cheaper Medicines Act* bagamat sa katunayan, pansamantala at maliit lang ang pakinabang nito sa mamamayan.

Kapansin-pansin na walang makabuluhan at pangmatagalang hakbang ang gobyernong Arroyo upang ibsan o lutasin ang krisis sa bigas, langis, kuryente at lalupa ang kahirapan. Kumitido pa rin si Arroyo na ituloy ang dikta ng US at mga imperyalista – ang liberalisasyon, pribatisasyon at deregulasyon ng ekonomya, pagtalikod sa panlipunang serbisyo at mga atake sa interes ng mga manggagawa at magsasaka. Wala ring maibibigay na relief ang malalaking bansa dahil kaharap din nila ang parehong problema.

Ang lumulubhang krisis at kahirapan ay magiging matalim na isyu laban kay Arroyo at isyung makapagmomobilisa sa mamamayan. Dapat itong iugnay sa isyung NBN-ZTE at pandarambong, pampulitikang panunupil at pandaraya sa halalan ng rehimeng Arroyo.

2. Hinog ang sitwasyon para sa pagpapatalsik kay Arroyo

Nanatiling hinog ang sitwasyon para sa kagyat na pagpapatalsik kay Arroyo. Namalas natin ito sa pagsikad ng kilusang talsik noong unang kwarto ng taon. Namumuo ang panibagong laban para sa pagpapatalsik kay Arroyo sa ikalawang hati ng taon dahil sa paglubha ng kahirapan ng mamamayan at ng pandarambong ng mga nasa kapangyarihan.

2.1. Bumwelo at umagos ang malalaking pagkilos para mapatalsik si Arroyo sa unang kwarto ng taon nang muling pumutok ang isyu ng NBN-ZTE.

Muling pumutok ang isyu ng NBN-ZTE dahil sa nabalitang pagdukot ng saksing si Engr. Rodolfo Lozada, Jr. at ang pagsisiwalat nya ng kanyang nalalaman sa mga pagdinig sa Senado. Ang isyu ng NBN-ZTE ay maipapantay sa malakihang krimen ng pandaraya sa eleksyon at mga pampulitikang pagpaslang at pandarahas.

Malaking bilang ng panggitnang saray/pwersa ang lumabas at sumama sa mga mga batayang sektor sa mga forum, misa, noise barrage, rali at iba pang aksyong protesta. Di iilan ang lumahok mula sa malalaking negosyante at naghaharing uri. Pinakamawak at pinakatampok ang pagkilos ng mga kabataang istudyante at mga paaralan at simbahang katoliko.

Pinakatampok ang mga pagkilos noong Pebrero 15 (13,000 + kataong rali sa Ayala), Pebrero 18 (5,000 + kataong misa sa La Salle), at Pebrero 29 (60,000 + kataong rali sa Ayala). Bumwelo rin ang mga aksyong protesta sa mga sentrong urban sa Luzon, Visayas at Mindanao

Subalit lumiit ang mga aksyong protesta sa panahon ng bakasyon. Gayunman, inaasahan natin muling makakabwelo at lalaki ang mga aksyong masa sa pagbabalik ng mga istudyante sa paaralan.

2.2. Lagpak at bumabagsak pa ang popularity at trust ratings ni Arroyo.

Sa unang kwarto ng taon ay lumagpak nang husto ang rating ni Gng. Arroyo sa kainitan ng iskandlong NBN-ZTE, ayon sa sarbey ng Pulse Asia noong Marso 2008.

GMA performance approval rating (%)

	Oct. 07	Mar. 08	Change
Approve	30	23	-7
Undecided	31	26	-5
Disapprove	39	51	+12
Net rating	-9	-18	

GMA trust rating (%)

	Oct. 07	Mar. 08	Change
Trust	23	19	-4
Undecided	31	23	-8
Distrust	46	57	+11
Net rating	-23	-28	

Pagpasok ng pangalawang kwarto, kung saan naramdaman na ng husto ng taumbayan ang krisis sa ekonomya, higit pang lumalala ang mga *ratings* ni Arroyo, ayon naman sa Social Weather Stations (SWS).

Sa kanilang June 27-30 survey, lumagpak sa -38 ang *net satisfaction rating* ni Arroyo, pinakamababa sa isang presidente mula nang mapatalsik si pangulong Marcos noong 1986. Sa huling apat na *quarterly survey* ng SWS mula Hunyo 2007, tuluy-tuloy ng pagdausdos ang net satisfaction rating ni Arroyo mula -11, -16, -26, hanggang -38.

Ayon pa sa SWS, sa unang pagkakataon ay rumehistro ng "*gross dissatisfaction*"ang mayorya ng kalahok sa *survey* sa lahat ng study areas: 63% sa Metro Manila, 60% sa iba pang bahagi ng Luzon, 56% sa Visayas, at 62% sa Mindanao.

Ang pagkadismaya at mababang *rating* kay Arroyo ay ipinamalas din daw ng lahat ng pang-ekonomiyang uri, mula *class* A hanggang *class* E.

2.3. Nananatiling aktibo ang malapad na nagkakaisang hanay para sa pagpapatalsik kay Arroyo.

Pinakaaktibo sa panawagan ng katotohananan at pagbibitiw o pagpapatalsik kay Arroyo ang mga sumusunod na pormasyon:

- Bayan at iba pang militante't progresibong organisasyon at kanilang mga alyado
- Mga moderates na kinakatawan nina Gng. Corazon Aquino, Black and White Movement, JIL at mga grupong Soc Dem

- Tradisyunal na oposisyon (UNO) sa pamumuno ni Estrada, Binay at Lacson
- Iba pang grupo sa ilalim ng Laban ng Masa

Di pa nanawagan ng pagbibitiw ngunit aktibo sa paglalantad at pagtuligsa kay Arroyo ay ang Liberal Party ni Mar Roxas (bagamat nanawagan ng pagbibitiw noong 2005), ang Nacionalista Party ni Manny Villar at si Dating Speaker Jose de Venecia, Jr.

Nanatiling may pagkakaiba sa nagkakaisang hanay sa usapin ng proseso ng pagpapaalis kay Arroyo at kung sino at ano ang ipapalit sa kanya at kanyang rehimen.

a. **Konstitusyonal**
   a.1. Noli *succession*
   a.2. *Special* o *snap elections* sa kundisyong magbitiw si Arroyo at Noli de Castro
b. **Ekstra-konstitusyonal**
   b.1. *Caretaker government* sa pangunguna ng *Chief Justice* ng Korte Suprema
   b.2. *Transition presidency* sa ilalim ni dating pangulong Estrada
   b.3. Revolutionary transition council
   b.4. Transition council

Panakanaka'y lumitaw ang pagkakaiba at banggaan ng iba't-ibang grupo sa loob ng nagkakaisang hanay tulad ng debate sa patakarang "*no politician on stage*" na pinipilit ng ilan sa rali noong Pebrero 15.

Hindi mapagkakaila na ang nalalapit na eleksyon sa 2010 ay humahatak na ng malaking atensyon ng mga personahe at grupo sa loob ng malapad na hanay na anti-GMA. Kung hindi babangon at babalik ang sigla ng kilusang talsik, ang tendensya ng mga ito'y maghanda na para sa darating na labanang elektoral.

Sa hanay naman ng AFP at PNP, patuloy na kumukulo ang diskuntento sa kanilang hanay. Nababalitaan natin ang patuloy na paghahangad at mga pagkilos ng pangkat na anti-Arroyo sa loob ng AFP at PNP. Lumilitaw din ang pusibilidad ng mga aksyong militar o kudeta ang ibang makakanang elemento o grupo sa lantay na layung agawin ang poder.

Ayon sa survey noong Marso, mayorya ng mamamayan ay gusto nang kagyat na mapaalis si Arroyo sa iba't-ibang paraan. Ang 16% sa NCR ay handang lumahok sa mga pagkilos para mapaalis si Arroyo. Ito ay 1.9M sa tinatayang 12M populasyon sa NCR.

Ang mapagpasyang salik sa pagpapatalsik kay Gng. Arroyo ay ang pagpapalaki ng mga aksyong protesta ng mamamayan hanggang abutin nito ang kritikal na bilang ng pag-agos ng 100,000 hanggang 500,000 hanggang higit 1,000,000.

2.4. Nananatili pa ang rehimeng Arroyo dahil sa kanyang kabangisan at walang pakundangang pag-abuso ng kapangyarihan sa suhay ng US at malaking mayorya ng mga naghaharing uri.

Ang pagpapatalsik sa pwesto kay dating Speaker Jose de Venecia, ang di pagkakaisa ng mga opispong katoliko, at ang pagbasura ng Korte Suprema sa kaso laban sa NBN-ZTE contract ay

matingkad na patunay na nanatili ang mapagpasyang suporta sa gobyernong Arroyo ng mga naghaharing uri.

Sa ngayon, ang pangunahing sinasandigan ni Arroyo upang manatili sa pwesto ay ang imperyalismong US sa pangunguna ng rehimeng Bush, ang mga heneral at iba pang matataas na upisyal ng AFP at PNP na binibigyang layaw ni Arroyo, mayorya ng malalaking negosyo, obispong katoliko at mga lokal na upisyal at kongresista.

Bagamat paminsan-minsa'y nag-iingay, nananatili ang kritikal na suporta sa kanya ni dating Pres. Fidel V. Ramos.

Ang ginawang pagkidnap at tangkang pagkawala o pag-salvage sa testigo ng NBN-ZTE na si Jun Lozada ay malagim na paalala sa kung ano ang handang gawin ni Arroyo at kanyang mga alipores para lamang manatili sa poder. Agad na umandar ang mga opereytor ni Arroyo upang siraan ang mga saksi sa anomalyang NBN-ZTE, ipakita ang suporta umano ng mga LGU at mga obispong katoliko, tapatan ang malalaking pagkilos ng mga ant-GMA, guluhin at isabotahe ang pagdinig sa senado, at pigilan ang mga rali at protesta.

Isinagawa ng rehimen ang mga kontra-atake nito laban sa mga pangunahing personahe ng Kaliwa at oposisyon sa pamamagitan ng sumusunod:

- Pagsasampa ng 3 kasong murder laban kina kinatawan Ocampo, Maza, Mariano at Casiño;
- Pagbuhay muli ng kasong sedisyon laban kay Bishop Oscar Cruz;
- Pagtatangkang agawin sa Lopez ang Meralco;
- Pagapalitaw na negligence ng Ayala ang pagsabog sa Glorietta at pagsasampa ng kasong kriminal sa ilang opisyales nito.

Nasasaksihan din natin ang mga hungkag na populistang postura ni Arroyo sa mga suliraning pang-ekonomya sa imbing tangkang mapahupa ang diskuntento ng mayorya ng mga tao sa kanyang rehimen.

Nariyan ang hakbang ng mga alipores ng rehimen na muling buhayin ang panukalang pag-amyenda sa Saligang Batas. Hindi natin inaalis ang posibilidad na sa desperasyon nito, ang rehimen ay magpataw ng kamay na bakal at batas militar para mapanatili ang sarili sa poder.

3. Nagpapatuloy ang pampulitikang panunupil

Nagpapatuloy ang patakarang todo-gera at laganap na paglabag sa mga karapatang pantao kahit pa may pansamantalang paghupa ng mga pampulitikang pagpaslang at pagkawala ng mga aktibista. Samantala, naging permanente na ang presensya ng mga tropang Amerikano at lumalaki ang panghihimasok ng US sa bansa.

3.1. Pansamantalang napahupa subalit hindi nahihinto ang mga pampulitikang pagpaslang at pandarahas sa mga aktibista.

Maimamarka ang tatlong mahahalagang tagumpay sa taong 2007 sa paglaban ng mga militante at mamamayan sa pampulitikang panunupil ng rehimeng US-Arroyo:

1. Nagkaroon ng signipikanteng paghupa ang mga pampulitikang pagpaslang at sapilitang pagkawala ng mga aktibista sa ikalawang hati ng 2007.
2. Nabigo ang ligal na mga opensiba ng rehimen at iniresulta nito ang paglaya ni Rep. Ocampo, ang pagbabasura ng kasong rebelyon at paglaya ni Rep. Beltran at ang paglaya ni Prof. Jose Maria Sison.
3. Nagpamalas ng aktibismo ang Korte Suprema upang ipagtanggol ang mga karapatang konstitusyonal.

Ang mga tagumpay na ito ay kumulatibong bunga nang puspusang kampanya ng mga progresibong organisasyon at partido sa loob at labas ng bansa at nang paglakas ng presyur sa gubyerno mula sa loob at labas ng bansa.

Itinuturing nating pansamantala lamang ang paghupang ito at maaaring muling bumugso ang mga atakeng militar o magkaroon ng panibagong anyo. Hindi pa iniaatras ng rehimen ang patakarang todo-gera at ang layung nyutralisahin at wasakin ang ligal na demokratikong kilusan.

Sa katunayan, tinutuya ng AFP ang lahat sa paggamit niya ng *Writ of Amparo* laban sa mga grupong nagtataguyod ng karapatang pantao.

3.2. Nagpapatuloy ang mga pagpaslang at iba pang paglabag sa karapatang pantao dahil sa patakarang todo-gera.

Sa dikta ng US at kumpas ng teroristang gera ni US Pres. George Bush, kinitil ng rehimeng ang usapang pangkapayapaan at pinakawalan ni Arroyo ang patakarang todo-gera laban sa CPP-NPA at mga rebeldeng Moro

Idinagdag sa istratehiya ng kontra-insureksyon ang patakaran ng pagnyutralisa at pagwasak sa mga ligal na demokratikong organisasyon. Nangahulugan ito ng pagpatay at sapilitang pagkawala ng mga aktibista at mga gawa-gawang kaso at pagkulong sa mga lider progresibo.

Ginawang katawa-tawa ni Arroyo ang prosesong pangkapayapaan nang hirangin niya si Hen. Hermogenes Esperon bilang presidential adviser on the peace process.

Sa katotohanan, nagpapatuloy ang mga malulubhang paglabag sa karapatang pantao bunga ng patakarang todo-gera at panunupil ng rehimen. Kapansin-pansin na nagsisimula na uling dumami ang mga pagpaslang ng mga aktibista. Mula Enero hanggang Marso 2008, naisadokumento ng Karapatan ang mga sumusunod na paglabag:

	Incidents	Victims
Extrajuducial killings	6	13
Frustrated EJKs	1	1
Enforced disappearances	1	1
Torture	4	6
Illegal arrests	11	26
Illegal detention	4	10
Physical assaults	5	20
Evacuation	7	7,442
Illegal searches, seixures	2	13

Umakyat na ng 903 ang naging biktima ng pamulitikang pagpaslang at 193 ang biktima ng pagdukot at pagkawala mula Enero 2001. May 335 na biktima ng bigong pagpatay.

Itinutulak ng mga pasista ang pagsasabatas ng national ID system, muling ibalik ang anti-subversion law at iba mapanupil na hakbang.

3.3. Naging permanente na ang presensya ng mga tropang Amerikano at lumalaki ang panghihimasok ng US sa bansa.

Samantala, kapansin-pansin na naging permanente na ang presensya at pagbabase ng mga tropang Amerikano sa Pilipinas partikular sa Mindanao dahil sa sunud-sunod na mga joint military exercises at pananatili nila kahit wala nang military exercises. Ang permanenteng presensya ng mga tropang Amerikano ay labag sa Saligang Batas at pang-aabuso at paglabag sa VFA.

Libu-libong tropang Amerikano ang muling damagsa sa Mindanao at iba pang panig ng Pilipinas sa panibagong Balikatan military exercise.

Dumarami ang ulat na tuwiran nang nakikiaalam ang mga tropang Amerikano sa sigalutan sa Mindanao. Nakakabahala ang mga ulat na nagsasagawa na ng patrol operation ang mga tropang Amerikano at lumalahok sa operasyon laban sa Abu Sayyaf at iba pang rebeldeng Moro. Umalma ang mga residente ng Panamao dahil sa pagpapataw ng curfew ng mga upisyal militar ng US sa isang pampublikong ospital. Pinaniniwalaang sangkot din ang tropang Amerikano sa naganap na masaker sa Sulu.

4. Hamon ng paglaban sa mamamayan

Hinahamon ang mamamayan ng sitwasyon upang magpunyagi para sa kagyat pagwawakas ng rehimeng Arroyo at para magbunsod ng makabuluhang pagbabagong pambansa at demokratiko. Tampok na panawagan natin sa kasalukuyan:

4.1 Papapanagutin si Gng. Arroyo at ang pamahalaan nito sa mga krimen ng pandarambong, pampulitikang pagpaslang at pandarahas, pandaraya sa halalan at pagtataksil sa bansa. Hingin ang pagbibitiw o pagpapatalsik kay Gng. Arroyo sa lalong madaling panahon. Itaguyod bilang pamalit ang isang sibilyang pamahalaan na may makabuluhang kinatawan at tinig ang mamamayan at kumitido sa makabuluhang reporma.

4.2 Ipaglaban ang nakabubuhay na sahod, seguridad sa trabaho at sapat na serbisyo sa mamamayan. Singilin ang gubyernong Arroyo at mga monopolyong dayuhan at lokal at hingin ang pagkontrol at pagpapababa sa napakataas na presyo ng bigas. pagkain, langis, kuryente at iba pang pangunahing serbisyo at bilihin.

4.3 Ipaglaban ang tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon at pangangalaga ng kalikasan. Itakwil ang mga tiwaling utang panlabas at mga neoliberal na dikta ng US, Japan, IMF/WB. Ibasura ang GATT/WTO, JPEPA at iba pang di pantay na kasunduang pang-ekonomya.

4.4 Ipagtanggol ang mga karapatan ng mamamayan laban sa pasismo at terorismo ng estado. Kundehin ang tangkang marahas na pagwasak sa ligal na kilusang demokratiko. Tuligsain ang militaristang todo-gerang patakaran ng gubyernong US at Arroyo laban sa rebolusyonaryong kilusan. Itaguyod ang pagtutuloy ng usapang pangkapayapaan sa pagitan ng GRP at NDF at GRP at MILF na luluta sa ugat ng armadong sigalutan sa bansa. Bigyang katarungan ang mga biktima ng mga pampultikang pagpaslang, sapilitang pagkawala at iba pang paglabag sa mga karapatang pantao at demokratiko.

4.5 Ipaglaban ang soberenya ng bansa. Ibasura ang MDT, VFA, MLSA, BIA at iba pang di pantay na kasunduang militar. Tutulan ang presensya ng mga tropang Amerikano at panghihimasok ng US sa bansa. ###